1. **Ano ang mga natatanging katangian ng panitikan sa bawat panahon ng kasaysayan?**

- **Panahon ng Prekolonyal -** Ang mga akdang naisulat noong panahong ng prekolonyal ay sumasalamin sa kahusayan at pagiging malikhain ng ating mga ninuno sa larangan ng pagsulat. Bago pa man dumating ang mga Kastila, may sariling paniniwala na ang mga iba't ibang pangkat etnikong nanirahan sa Pilipinas. Ngunit ang mga kaalaman natin sa mga paniniwalang ito ay limitado lamang sapagkat kaunti lamang ang mga kasulatan nagawa tungkol dito dati at ang iba ay nawala o kaya'y nasira.

- **Panahon ng Kolonyal -** Ang mga oras ng kolonyal ay sumabay sa kasaysayan ng sangkatauhan magpakailanman. Kabilang sa mga pinaka kilala sa Sinaunang Panahon maaari nating banggitin ang mga yugto ng kolonyal ng mga sibilisasyong Phoenician, Greek at Roman.

- **Panahon ng Propaganda at Himagsikan** - Ang panahong ito ay bahagi pa rin ng panahon ng Kastila. Sa panahaong ito unti-unting namulat ang kaisipang Pilipino. Ang mga dahilan ng kanilang pagkakamulat ay: ang pagpapahintulot sa pakikipagkalakalan ng pandaigdig nang buksan ang Suez Canal; ang pagpasok ng diwa ng liberal sa Pilipinas buhat sa iba't-ibang bahagi ng Europa at Espanya; angpagiging Gobernador Heneral ni Carlos Maria dela Torre na nagkaroon ng pantay na pagtingin sa mga mamamayan at ang pagkakagarote sa tatlong pari na sina Padre Gomez, Burgos at Zamora.

- **Panahon ng Amerikano –** Sa pagsapit ng ikalabinsiyam na dantaon ay dumating sa Pilipinas ang mga Amerikano nasiyang nagbigay sa mga Pilipino ng bagong Pag-asa.Bagamat nakadama ng bahagyang kalayaan ang mga Pilipino sa panahong ito, ang mgamanunulat ay hindi pa rin nagkaroon ng ganap na kalayaang makasulat ng mga nais nilangsulatin sapagkat sa pamamgitan ng Batas Sedisyon ay pinagbawalan pa rin silang sumulat opumaksa sa mga bagay na may kinalaman sa pamamahala ng mga Amerikano na maaaringmakapapaalab ng damdaming makabayan sa mga Pilipino at matutong ipaglaban ang kanilangmga karapatan.

- **Panahon ng Hapon –** Noong Panahon ng Hapon ay naging paksa ang mga katutubong ugali sa bukid at pakikipagsapalaran sa lungsod at nabigyan din ng pagkakataon ang mga bagong manunulat na pumaimbulog sa larangan ng panitikan at naging malaya ang lahat ng manunulat sa punto ng porma, teknik ng pagsulat at sa anyo ng panitikan.

- Panahon ng Kalayaan - Ang pagbabagong pampanitikan sa panahong ito ay naging kapansin-pansin,  dahil nagkaroon ng aklat katipunan sa akdang tula na pinasimulan ni Alejandro G. Abadilla at  Sumiglang muli ang panitikan sa pagtatag ng mga samahan sa iba’t ibang larangan tulad ng KADIPAN, PETA at Dramatic Philippines.  At ginamit ng mga kabataan ang campus journal sa pagmumulat at pagsisiwalat ng katiwalaan sa pamahalaan sa mga akdang sinusulat.

- Panahon ng Bagong Lipunan - Dahil sa lalong sumasamang kalagayang pangkabuhayan at pampulitika, malimit na mga demonstrasyon ng mga estudyante’t manggagawa, at sumisidhing mga kaguluhang maaaring samantalahin ng mga komunista upang ibagsak ang demokratikong republika ng Pilipinas, ipinahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos ang pagpapairal ng Batas Militar.

- Panahon ng Kontemporari – Sa panahon ng kontemporari ang mga manunulat na Pilipino, maging Ingles o sa wikang pambansa, ay muling nanguna sa paglikha ng mga akdang pumupuna at nagpapakita ng tunay na larawan ng lipunan noon. At  ang mga tula, maikling kwento, nobela, dula at maging ang mga awitin ay nagpakilala sa naghihimagsik na damdamin ng mga Pilipino noon. At nagpatuloy pa rin ang Liwayway sa paglalathala ng mga akdang likha ng ating mga manunulat.

2. 2. Sa iyong sariling paraan, paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa panitikang Pilipino?

   Sa aking sariling paraan maipapakita ko ang pagpapahalaga ko sa  panitikan sa pamamagitan ng  pagpapalawak ng aking kaisipan at pagbibigay ng impormasyon sa ibang mga tao na  hindi pa ito alam. At maghihikayat ako para maipalawak pa ang kanilang pag-iisip tungkol sa panitikan na meron tayo. Tulad nalang ng kahalagahan ng tekstong pampanitikan gaya ng mga sinaunang anyo ng kuwento (mito, alamat salaysayin, at pabula), tula, dula, maikling kuwento, nobela, sanaysay, talumpati, anekdota at karunungang-bayan.